# 多言語情報コーナー　　（令和７年　６月号）

## 1. Paala-ala Tungkol sa Serbisyo ng Pag-isyu ng Tax Certificate sa Convenience Store.

Bilang karagdagan sa serbisyong ini-isyu sa mga convenience stores na Certificate of Income Tax at Determination of Resident Tax Certificate, ang Certificate of Tax Payment and Tax Exemption Certificate ay makukuha na rin sa mga multi-function copy machines na makikita sa mga convenience stores.

Upang maka-avail sa serbisyong ito ay dapat taglay ang My Numbers Card.

Ang kabutihan sa pagkuha ng mga dokumento na ito ay magagawa ito sa mga malalapit na convenience stores sa gabi o mga araw na holidays. Hindi na rin kinakailangan na sumulat pa ng application forms dahil ginawang simple lamang sa pamamagitan ng tipa ng daliri sa touch panel. Makakatiyak na ang iyong personal na impormasyon ay protektado ng mga makabagong pamamaraan sa seguridad.

Magagamit ang mga multi-function copy machines ng mga convenience stores tulad ng Seven Eleven, Lawson, Mini-Stop, FamilyMart at ang Aeon copy machine.

Ang pagkuha ng mga sertipikasyon sa mga nasabing convenience stores ay mula alas 6:00 ng umaga hanggang alas 11:00 ng gabi. Dapat ay nakatira na sa lungsod sa unang araw ng fiscal year na nais iisyu ang dokumentong kailangan hanggang sa araw ng pagkuha nito.

Maaaring tumagal ng dalawang linggo hanggang isang buwan bago maitala ang pagbabayad ng buwis upang igawa ng sertipiko. Kaya kung kinakailangan na ang sertipiko ng pagbabayad ng buwis sa lalong madaling panahon ay dapat kunin kaagad ang resibo na nagpapakita ng halagang binayaran, mangyaring dalhin ang resibo at humiling ng kailangang sertipiko sa pangunahing gusali o sa mga sangay ng munisipyo.

## 2. Ang Pag-renew ng Electronic My Numbers Certificate.

Mag-eexpire ang bisa ng electronic function ng My Numbers Card pagkatapos ng ika-limang kaarawan pagka-isyu nito. Kung hindi ma-renew ay hindi maaring gamitin ang electronic function nito at bilang kapalit ng National Health Insurance card.

Tatlong buwan bago mag-expire ang electronic function ng iyong My Numbers card ay makakatanggap mula sa pamahalaan ng notification ng pag-renew nito. Ang abiso ay nakapaloob sa light blue na sobre na naglalaman ng berde na papel. Tiyakin ang mga nakasaad dito at ihanda ang mga kailangan. Kapag naglipat ng tirahan at hindi nakatanggap ng abiso, maaari na ring i-renew ang My Numbers card 3 buwan bago ito mag-expire.

Kung personal na gagawin ang pag-renew ng My Numbers card ay dapat dalhin ito sa pangunahing gusali ng munisipyo sa Civic Livelihood counter (Shimin Seikatsu-Ka) at kung sa mga iba't ibang sangay naman ng munisipyo gagawin ang renewal ay sa counter ng Community Promotion Section (Chiiki Suishin-Ka). Mahalaga ang 2 uri ng password. Ito ay ang 4 digits na Pin No. at ang 6 o higit pang characters na password. Kung nakalimutan na ang mga passwords na ito ay maaari muling i-reset at gumawa ng bago sa nasabing mga counters.

## 3. Ang Pagtiyak ng ating mga Pension Records

Ang Japan Pension Service ay nagpapadala ng Regular Pension Newsletter sa lahat ng miyembro na naghuhulog ng National Pension at Employee’s Pension Insurance premiums.

Ang layunin ay upang lubos maunawaan ang sistema ng pension system sa Japan. Sa pamamagitan ng Newsletter na ito ay malalaman kung magkano ang aasahan na matatanggap na pension, ang mga information records ng pagiging miyembro dito at iba pa.

Ang Newsletter ay ihinahanda 2 buwan bago ang araw ng kapanangakan at makakatanggap ng post card sa buwan ng kaarawan. Bilang karagdagan, sa mga espesyal na okasyon na kapanangakan sa 35, 45 at 59 taong gulang na kaarawan ay makakatanggap ng selyadong edisyon ng Pension Newsletter. Kung nakatanggap nito ay mahalagang kumpirmahin ang mga nilalaman na records tungkol sa paglahok sa National Pension System.

Kung sakaling may alinlangan dahil may nakaligtaan o pagkakamali sa tala ng pagiging miyembro dito ay mangyaring tumawag sa itinalagang numero ng Pension Newsletter (Nenkin Teikiben at Nenkin Net) ang numerong 0570-058-555.